

INTERNATIONAL NAPASA (July 9th, 2024)

1)IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN ・ MARCHE

あおぞら いちば
青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa July 14 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na “**SUNSUN ・MARCHE**” sa **SHONAN KAIGAN PARK** sa Takahamadai. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211)**.

2)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

しょうなん
湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa July 14 (Sunday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **JUBILO IWATA**. Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 7:00 ng gabi. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500**.

3)SIGN LANGUAGE LECTURE PARA SA MGA BAGUHAN

しょしんしゃ
初心者のための手話講習会のお知らせ

Mula sa July 23 hanggang August 27 ng tuwing araw ng Martes ay magkakaroon ng **SIGN LANGUAGE LECTURE** para sa mga baguhan sa **WELFARE CENTER (FUKUSHI KAIKAN)** sa Hiratsuka City. Ang mga makikinabang ay ang mga mag-aaral ng elementarya mula Grade III pataas at hanggang 20 katao ang makadadalo. Subalit hindi kasama ang August 13. Ang address ng **WELFARE CENTER (FUKUSHI KAIKAN)**, sa 1-43 Oiwake. Ang oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang tanghali. Para sa mga nais dumalo ay deretsang kumontak sa **WELFARE CENTER (FUKUSHI KAIKAN)** Telephone Number **0463-33-0007 (0463-33-0007)**. Dito ay makakadalo ang naunang 20 katao.

4)PAINPORMASYON UKOL SA CONCERT SA YAWATAYAMA NO YOUKAN

はちまんやま ようかん
八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa July 17 (Wednesday) ay magkakaroon ng free **CONCERT** sa **HACHIMANYAMA NO YOUKAN**. Ang Classic Musical Concert ay mula 11:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali at mula 6:00 ng hapon hanggang 8:00 ng gabi ay magkakapanood naman ng Pop at Folk Concert. Para sa detalyadong programa at mga performer ay makikita sa **Home Page** ng Hiratsuka City. Makakapasok ang hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga mga

katanungan ay maaaring makipag-ugnayan sa Telephone No. **0463-35-7114 (0463-35-7114)**.

5)UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG AGOSTO

8月がつから始はじまるスポーツ教室きょうしつのお知らせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba't-ibang **SPORTS LESSON** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay **AEROBICS,TAICHI EXERCISES** at iba pa.

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng **TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)** ng Hiratsuka City. Para sa iba pang mga katanungan ay maaaring tumawag sa **TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)**, Telephone No. **0463-35-0102 (0463-35-0102)**. Ang huling araw ng pag-aapply ay sa July 12 (Friday). Maaari ring mag-apply sa Home Page ng nasabing foundation.